
## WHAT CAN I DO TO GET READY?

- **Maghanda ng Go Bag** na naglalaman ng iyong ID,mahahalagang papeles, gamot sa lalagyang may pangalan, at mahalagang impormasyon sa pakikipag-ugnay (maaaring hindi gumana ang cellphone habang may sakuna). Panatilihing handa ang Go Bag.
- **Gumawa ng Planong Sambahayan** sa pamamagitan ng pagpunta sa www.ready.gov para sa mga checklist at gabay para sa kahandaan. Ang iyong plano ay dapat naglalaman ng ruta para sa paglikas at lugar kung saan pwedeng manatili.
- **Gumawa ng Plano para sa Alagang Hayop** bago ang sakuna at magtanong sa inyong lokal na emergency manager tungkol sa silungan para sa hayop. Ang mga serbisyong hayop na may kasalukuyang bakuna para sa rabies ay papayagang mamalagi sa mga silungan. Para sa karagdagang impormasyon, magtungo sa: https://animalemergency.nj.gov
- **Magrehistro sa Sistemang Alerto Pampubliko** sa inyong komunidad (hal. Reverse 911, Swift911, NJ 2-1-1, Nixle) sa pamamagitan ng inyong county o lokal na Emergency Management Office (Opisinang Namamahala sa Kagipitan.) I-text ang “ReadyNJ” sa 898-211 para sa text alerts sa paghahanda sa sakuna at para sa kaalaman sa susunod na sakuna.
- **Ipagbigay-alam sa Taga-Pangasiwa ng inyong Kuryenta** kung kayo ay may kagamitang pang-medikal na de-kuryente**.**
- **Bumisita sa ready.nj.gov** ngayon para sa mas mainam na paghahanda sa lokal na kalamidad.

# Register READY

www.registerready.nj.gov

***Ang unang hakbang sa kahandaan sa kagipitan para sa mga indibidwal na maaaring mangailangan ng tulong sa isang sakuna.***







***Magrehistro ngayon—***
***Maging handa kinabukasan!***

www.registerready.nj.gov

*Epektibo 18/1/24*

## ANO ANG REGISTER READY?

Ang Register Ready ay isang libre, ligtas, at boluntaryong database na dinisenyo upang makatulong sa mga emergency managers (tagapangasiwa sa kagipitan) at sa plano ng unang tagatugon at umalalay sa mga taong may kapansanan, pangangailangan para sa pagdaan at paggawa (access & functional needs – DAFN) na maaaring mangailangan ng tulong kapag may sakuna.

Ikaw (o ibang tao sa ngalan mo) ay hinihikayat na magrehistro kung ikaw ay may kapansanan sa pisikal, debelopmental, sa pag-iisip o pag-uugali, sagabal sa wika, o hirap sa transportasyon na maaaring magpahirap sa iyong ligtas na pagsilong sa isang lugar o paglikas habang may sakuna.



**Ang Register Ready ay:**

⇒ **Libre**
⇒ **Boluntaryo**
⇒ **Ligtas at Kumpidensyal**
⇒ **Nag-aalaga ng iyong Pagkapribado**
⇒ **Gamit ng emergency managers sa pagpaplano para sa mga kaso ng DAFN**

## SINO DAPAT MAGREHISTRO?

Ang mga permanente at pana-panahong residente ng NJ na may DAFN na maaaring mangailangan ng tulong sa paglikas, pagsilong o kailangan ng tulong sa kagipitan ay dapat magrehistro. Ang mga indibidwal na may pansalamantalang kapansanan, gaya ng delikadong pagbubuntis o iba pang mga malubhang medikal na kundisyon, at dapat magrehistro.





***Huwag magpaliban, magrehistro ngayon!!***

## PAANO BA MAGREHISTRO?

- ◊ Pumunta sa: www.registerready.nj.gov
- ◊ Tumawag sa 2-1-1 (sa NJ), o 877-652-1148 toll free (mayroong TTY/TDD at serbisyo sa pagsalita ng ibang wika)
- ◊ Makipag-ugnayan sa inyong County Office of Emergency Management (Pamamahala ng Kagipitan)
- ◊ Makipag-ugnayan sa inyong lokal na Sentro para sa Malayang Pamumuhay

***Siguraduhing kasulukuyan ang inyong impormasyon taun-taon.***



## SINO TITINGIN SA IMPORMASYON KO?

Ang Register Ready ay sumusunod sa batas upang pangalagaan ang iyong pagkapribado at personal na data. May daan ang komunidad ng tagapangasiwa sa kagipitan, kabilang ang mga pampublikong opisyal ng kalusugan at unang tagatugon sa Register Ready para sa pagplano at koordinasyon



## PAANO GINAGAMIT DATA KO?

Ginagamit ng mga komunidad ang Register Ready sa iba't-ibang paraan. Pwedeng gamitin ng mga emergency manager at mga maaasahang tauhan ang impormasyon para magplano, mag-anunsyo sa publiko, magbigay-suporta sa mga silungan at sa pagbabawi mula sa sakuna. Pagkatapos magrehistro, tawagan ang iyong lokal na Opisina ng Tagapangasiwa sa Kagipitan upang malaman kung paano gamitin ng mga tauhan ang Register Ready at kung ano ang maaari mong gawin upang maging mas handa.

***Sa isang buwis-buhay na kaganapan, huwag maghintay — tawag agad sa 9-1-1.***